**KOMISYON SA KARAPATANG SIBIL NG ESTADOS UNIDOS**

1331 Pennsylvania Ave., NW • Suite 1150 • Washington, DC 20425  www.usccr.gov

**Liham sa Pagpapadala**

Setyembre 27, 2023

Presidente Joseph R. Biden
Bise Presidente Kamala Harris
Tagapagsalita ng Kapulungan Kevin McCarthy
Presidente ng Pro Tempore ng Senado ng Patty Murray

Sa ngalan ng Komison sa Karapatang Sibil ng Estados Unidoes (“ang Komisyon”), ikinararangal akong iipadala ang aming ulat na tumutugon sa Laban sa Rasismo na pinamagatang, “Ang Pederal na Tugon sa Rasismo sa mga Asyano sa Estados Unidos.” Ang buong ulat ay makikita sa website ng Komisyon sa www.usccr.gov.

Mula noong nagsimula ang pandemya ng COVID-19, nagkaroon ng nakakabahalang bilang ng mga insidente na nagmumula sa animus laban sa mga Asyano, marami rito ay nasa antas ng krimen na nagdulot ng malaking pagkabahala tungkol sa krimen sa rasismo at diskriminasyon laban sa mga taong may lahing Asyano na nasa Estados Unidos. Bilang resulta, ang ulat na ito ay pangalawang beses na kung saan ineksamin ng Komisyon ang pagtaas ng rasismo laban sa mga Asyano at diskriminasyon sa 65 na taon nitong kasaysayan.

Noong Mayo 2021, hinimok ng Komisyon ang Administrayon na tugunan ang rasismo laban sa mga Asyano at xenophobia, habang binibigyang-diin na ang pag-iwas sa mga komunidad ng Asyano ay hindi isang bagong pagnyayari. Ang ganitong mapaminsalang isteryotipo ay nananatili mula noong ika-19 na Siglo kung saan ang mga Asyanong imigrante ay hindi makatarungang binansagan na “Yellow Peril.” Ang media, mediakl na mga journal, at opisyal ng gobyerno ay nagpakalat ng maling mga ideya na ang mga Asyano ay “madumi, may sakit, makasalanan, masasamang sekswal, mapanalakay, at habang-buhay na mga dayuhan.” Ang mga isteryotipong ito ay nag-udyok din ng karahasan laban sa mga komunidad ng Asyano, tulad ng pag-atakeng “Dotbusters” noong 1980 sa mga Asyanong mula sa Timog sa New Jersey at ang mga krimen sa Lungsod ng New York matapos ang 9/11, na minarkahan bilang isa sa pinakamataas na naiulat na bilang ng kaso ng rasismo ng FBI mula noong 1992.

Noong Oktubre 2022, bilang tugon sa pagtaas ng ulat ng mga krimen ng rasismo laban sa mga Asyano at mga insidenteng may motibo, bumoto ang Komisyon na imbestigahan ang papel ng gobyernong pederal sa paglaban sa mga insidenteng ito. Ineksamin ng ulat na ito ang tatlong pangunahing bagay:  1) pambansang trend at datos tungkol sa pagtaas ng insidente ng rasismo at krimen laban sa mga miyembro ng komunidad ng Asyano; 2) pagpapatupad ng mga lokal na batas at batas ng estado upang maiwasan at maiulat ang mga gawi kaugnay ng mga krimen sa rasismo; at 3) pederal na pagsisikap at mga polisiya na naghihikayat ng higit na partisipasyon sa pag-uulat ng mga insidente ng krimen sa rasismo, pati na rin ang prosekyusyon at pagpapatupad nito upang maiwasan ang krimen sa rasismo.

Binibigyang-diin ng ulat ang importansya hindi lamang ng pagkilala sa isyu kung hindi pati na rin ang paggawa ng konkretong aksyon upang protektahan ang mga karapatan at pagkatao ng mga Asyanong Amerikano at mga tiga-Pasipiko sa buong bansa. Ang ulat na ito ay pinalalakas ng mga partikular na natuklasan at rekomendasyon ng Komisyong ito (na sinang-ayunan ng bi-partisan na mayorya), na kasama ng ulat sa unang pagkakataon mula noong 2019:

## Mga Natuklasan

*Koleksyon ng datos & pag-uulat:*

- Ang isang pangunahing hadlang sa pag-unawa sa kalubhaan at lawak ng mga krimen sa rasismo laban sa mga taong may lahing Asyano ay ang kakulangan ng komprehensibong datos.
- Ang transisyon mula sa koleksyon ng datos ng NIBRS ay mabagal para sa ilang mga ahensya: para sa 2021, ang bilang ng mga kalahok na ahensya sa loob ng database ng krimen sa rasismo ng NBI ay 11,834, kumpara sa 15,138 na kalahok na mga ahensya noong 2020 na datos, at karamihan sa mga ahensya na hindi nagsumite ng 2021 na datos ay mula sa pinakamalaking hurisdiksyon.

## Rekomendasyon

*Pagsasanay & Pakikipagtulungan:*

- Ang mga tagausig at tagapagpatupad ng batas ay dapat na puspusang mag-imbestira at usigin ang krimen laban sa rasismo at pang-aapi laban sa mga Asyanong Amerikano.
- Ang mga unang tutugon ay dapat bigyan ng pagsasanay na naglalayong ituro ng malinaw kung ano ang bumubuo sa krimen sa rasismo sa kanilang hurisdiksyon.

*Akses sa wika:*

- Kailangang tukuyin ng pederal, estado, at lokal na ahensya na tagapagpatupad ng batas at serbisyo para sa mga biktima ang mga kritikal na kakulangan sa Limited English Proficient (LEP) para sa mga indibidwal na nangangailangan ng tulong sa wika.

Tinatampok ng pananaliksik ng Komisyon ang agarang pangangailangan para sa pinahusay na pagsisikap sa pagtugon at pagpigil sa mga krimen sa rasismo sa Asyano. Nakarinig ang Komisyon ng mga nakasulat at pasalitang testimonya mula sa akademya at mga eksperto sa polisiya, pederal at lokal na mga opisyal na nagpapatupad ng batas, at mga miyembro ng publiko. Nagpadala rin ng pormal na kahilingan ang Komisyon para sa impormasyon na may kaugnayan sa pederal na mga opisina sa Kagawaran ng Hustisya (DOJ) sa U.S at sa Kawanihan ng Pampederal sa Pagsisiyasat (FBI) at nagsagawa ng malawakang kwalitatibo at kwantitatibong pananaliksiks tungkol sa epekto ng mga krimen sa rasismo at mga insidenteng mga motibo laban sa mga Asyanong Amerikano sa U.S. noong kasagsagan ng pandemya ng COVID-19. Sa buong prosesong iyon, narinig namin mula sa mga eksperto ang tungkol sa isang serye ng mga natuklasan at rekomendasyon. Ang mga rekomendasyon na ito, bagama't hindi pinagtibay ng mayorya, ay mahalaga upang matugunan ang mga mahahalgang isyu na pumapalibot sa mga insidente at mga krimen sa rasismo laban sa mga Asyano.

**Mga Natuklasan:**

- Ang alamat ng “perpertwal na dayuhan” ay patuloy na gumaganap ng papel sa pag-unawa sa pagdami ng rasismo laban sa mga Asyano at diskriminasyon sa panahon ng pandemya.
- Bilang konteksto, ang pagtaas ng sentimyento laban sa mga Asyano sa panahon ng pandemya ng COVID-19 ay mahalagang maunawaan ang kasaysayan ng rasismo laban sa mga Asyano at ang mga batas ng “Yellow Peril”.
- Sa panahon ng pandemya, may ilang iba pang mga pangalan ang ginamit ng media at ng mga opisyal ng gobyerno upang tukuyin ang COVID-19, kabilang “Virus ng mga Tsino”, ang “Kung flu”, at ang “virus ng Wuhan”, na potensyal na nagbibigay ng negatibong paningin sa mga indibidwal na Asyano at mga komunidad na nagdulot ng paninisi sa maraming Asyanong Amerikano sa pagdadala ng COVID-19 sa U.S.

*Koleksyon ng datos & pag-uulat:*

- Isang malaking hadlang sa pag-unawa sa kalubhaan at lawak ng krimen sa rasismo laban sa mga taong may lahing Asyano ay ang kakulangan ng komprehensibong datos. Kung walang mandatoryong pambansang pagkolekta ng datos at pagsasanay sa pagpapatupad ng batas sa kung paano dapat tukuyin ng wasto at iulat ang mga krimen sa rasismo, ang pagpigil sa mga krimeng ito ay lubhang isang malaking hamon.
- Ang mga biktima ng krimen sa rasismo ay madalas hindi inuulat ang mga insidente dahil sa takot sa retalyasyon, pag-aalala na hindi maibibigay ang hustisya, at kawalan ng tiwala sa sistema ng hustisya sa krimen.
- Bagama’t ang transisyon mula sa UCR ng FBI patungo sa database ng NIBRS ay ginawa upang magbigay ng mas kumpletong larawan ng karahasan sa rasismo sa buong bansa, ang pagbabago ay naging hamon para sa maraming hurisdiksyon, at ang datos sa krimen sa rasismo ay nananatiling hindi kumpleto.
- Ang transisyon mula sa koleksyon ng datos ng NIBRS ay mabagal para sa ilang mga ahensya: noong 2021, ang bilang ng mga kalahok na mga ahensiya sa loob ng database ng FBI sa krimen sa rasismo ay 11,834, kumpara sa 15,138 na mga kalahok na mga ahensya mula 2020 na datos, at marami sa mga ahensya na hindi nagsumite ng datos noong 2021 ay ang may pinakamalaking hurisdiksyon.
- Noong Marso 2023, ang FBI ay naglabas ng Supplemental na ulat sa Istatistika ng Krimen sa Rasismo at ipinakita na ang bilang ng mga insidente ng rasismo sa Asyano na naiulat ay tumaas ng 167 porsyento mula 279 noong 2020 hanggang 746 noong 2021.
- Ipinakita ng pambansang datos na ang lahat ng krimen na nakabatay sa lahi ng tao ay tumaas ng 30 porsyento noong 2020; at partikular sa mga krimen sa rasismo sa Asyano ay tumaas ng mahigit 70 porsyento noong 2020. Ayon sa Tulong ng Kawanihan ng Katarungan (BJA), ang mga krimen laban sa rasisimo sa Asyano ay tumaas ng 164 porsyento sa 16 na pinakamlalalaking siyudad at lungsod sa unang quarter ng 2021

kumpara sa parehong panahon noong 2020. Sumulat ang BJA na ang mga pagtaas noong unang quarter ng 2021 ay sinundan ng "historic surge" sa mga krimen sa rasismo sa mga Asyano na nagsimula noong 2020, kung saan ang krimen laban sa rasismo sa mga Asyano ay tumaas ng 140 porsyento sa 16 na pinakamalalaking siyudad noong 2020. Sa partikular, ipinapakita ng datos na ang unang pagtaas ng krimen laban sa rasismo sa mga Asyano ay "nangyari noong Marso at Abril ng 2020 kasabay ng pagtaas ng kaso ng COVID-19 at negatibong pananaw sa mga Asyano kaugnay ng pandemya."

- Ang mga datos sa krimen sa rasismo ay hindi naiuulat ng mga biktima at ng mga tagapagpatupad ng batas at mas malamang na hindi maiulat ng mga pulis kumpara sa ibang klase ng mga krimen, at iminumungkahi ng ilang pananaliksik na ang mga Asyanong Amerikano ay mas malamang na hindi mag-ulat ng diskriminasyon sa pag-uugali kapag nangyari ito.
- Ipinapakita ng datos na ang krimen sa rasismo sa California ay patuloy na tumataas mula 2019, at ang krimen laban sa rasismo sa mga Asyano ay tumaas ng 89 (6.7%) noong 2020 hanggang 248 (14.1%) noong 2021.
- Sa San Francsisco, lahat ng mga pangyayaring krimen sa rasismo ay tumaas mula 2020 hanggang 2021 (mula 54 hanggang 114), at ang proporsyon ng mga pangyayaring krimen laban sa rasismo sa mga Asyano at tumaas nang malaki, na kumakatawan sa 16 porsyento ng mga kaganapan noong 2020 at higit sa kalahati ng mga kaganapan noong 2021.
- Sa New Yorik, bumaba ang mga ulat ng krimen sa rasismo noong 2020 bago ito tumaas noong 2021. Ang krimen sa rasismo laban sa mga Asyano ay tumaas mula 31 (6.35%) noong 2020 hanggang 140 (18.11%) noong 2021. Sa lungsod ng New York, ang bilang ng mga krimen laban sa rasismo sa Asyano sa siyudad ay isa (0.2%) noong 2019, tumaas sa 27 (10.2%) noong 2020, at tumaas muli sa 131 (25%) noong 2021.
- Sa Estados Unidos, 24% ng populasyon ng mga Asyanong Amerikano ay limitado ang bihasa sa Ingles. Ang pinakamadalas na ginagamit na mga lenggwahe ay Intsik, Koreano, Vietnamese, Tagalog, Thai, Khmer, Bengali, Gujarati, Hindi, at Punjabi.

*Mga Hadlang*:

- Ilang departamento ng pulisya lamang ang mayroong mga opisyal na bihasa sa wikang Asyano, kahit na sa mga lugar na may malaking bilang ng mga AAPI na mga residente. Kung kaya, patuloy na nagiging pangunahing hadlang ang lenggwahe sa pag-uulat ng mga insidente ng rasismo at krimen laban sa mga Asyano.
- Ang isang malaking hadlang sa komprehensibong pag-unawa sa lawak ng karahasan sa rasismo laban sa mga komunidad ng Asyano ay maaaring dahil sa mga insidente kung saan hindi tumataas ang legal na pamantayan sa krimen sa rasismo. Maraming mga insidente ang naiulat sa mga organisasyon ng komunidad, tulad ng pandudura o paninira ng lahi ay hindi kinokonsidera sa mga opisyal na bilang, ngunit nagdudulot pa rin ng takot sa mga miyembro ng komunidad.
- Sa ilalim ng Batas sa Krimen sa Rasismo sa ilalim ng COVID-19, ang pondo ay

ibinibigay para sa mga hotline sa pag-uulat sa estado at lokal na mga insidente, at noong Mayo 2022, pinalawig ng DOJ ang kanilang mga serbisyo sa wika upang magamit ang 18 na pinakamadalas na gamitin na mga wika ng AAPI sa buong bansa. Gayunpaman, pinatotohanan sa briefing ng panelist ng Komisyon na ang mga hotline sa lokal na pag-uulat, serbisyo sa mga biktima, at pagpapatupad ng batas ay hindi na-aakses ng mga biktima na may limitadong kaalaman sa salitang Ingles, na posibleng itinuturong kakulangan sa pederal at lokal na pagkakaroon ng pagkukunan.

- Ang kakulangan ng prosekyusyon sa mga krimen sa rasismo ay maaari isang salik din sa mababang ulat ng krimen sa rasismo. Ang prosekyusyon sa mga krimen sa rasismo ay mahirap, kahit na sa mga estado na mayroong komprehensibong lehislation ng krimen sa rasismo, dahil walang isang legal na pamantayan kung saan ang korte ay sumang-ayon, o dahil ang pamantayan upang mapatunayaan ang pagkiling ay masyadong mataas.
- Sinusubukan ng karamihan ng mga nonprofit at pampublikong mapagkukunan na magbigay sa publiko ng mga paraan upang labanan ang karahasan laban sa Asyano kabilang ang paghihikayat na iulat ang mga insidente ng rasismo at mga krimen sa rasismo sa lokal na nagpapatupad ng batas pati na rin sa mga organisasyon na nangongolekta ng datos, pag-aaral tungkol sa kasaysayan ng diskriminasyon sa Asyanong Amerikano, at paghimok sa mga inihalal na opisyal na ipasa ang lehislasyon laban sa rasismo.
- Para sa mga naghihirap na komunidad, ang proseso ng pagbibigay ay masalimuot at mahirap imaniobra.
- Ang tunay na hamon sa pag-aassess kung sapat na ba ang mga ginagawa ng pederal na gobyerno upang labanan ang pagtaas ng krimen sa rasismo ay nakasalalay sa kawalan ng wastong panukat sa performance nito.

**<u>Mga Rekomendasyon:</u>**

*Datos at pag-uulat:*

- Dapat hilingin ng FBI sa lokal na tagapagpatupad ng batas na magsumite ng datos sa krimen, o sa halip, dapat gawing mandatoryo ng Kongreso ang pagsusumite, o ikonsidera ang hanay ng mga opsyon upang palawakin ang implementasyon.
- Dapat din ikonsidera ng Kongreso ang pagpaphintulot sa isang bagong programa na magbibigay ng pondo sa estado at lokal na mga gobyerno upang bayaran ang mga gastos na kaugnay ng transisyon sa NIBRS, tulad ng pagbili ng mga baong software at mga kompyuter, o pagbibigay ng pagsasanay sa mga opisyal sa kung paano gamiting ang NIBRS.
- Ang mga pederal na ahensya ng karapatang sibil ay dapat hilingin na mangolekta at mag-ulat ng pangunahing datos kaugnay ng pagpapatupad ng karapatang sibil at ng Abogado Heneral upang ilathala ang datos na ito taun-taon.
- Dapat pondohan ng DOJ ang mga pagsisikap ng estado at lokal na gobyerno sa pakikipatgtulungan sa mga group ng komunidad upang tugunan ang diskriminasyon at iba pang insidente ng rasismo.

- Dapat pagbutihin ng mga ahensyang nagpapatupad ng batas ang koleksyon ng datos, kung saan kailangang subaybayan at i-ulat ang parehong mga insidente ng rasismo at krimen sa rasismo, at tiyaking ang mga form para sa ulat ay madaling markahan ng mga insidente o krimen bilang isang paghihinalang insidente o krimen ng rasismo.

*Pagsasanay at Pakikipagtulungan:*

- Ang Kagawaran ng Hustisya ay dapat magbigay ng pagsasanay sa kaligtasan at mga workshop sa kani-kanilang lenggwahe ng mga target na komunidad at palawakin ang pederal na pagpopondo para sa mga grupong may adbokasiya na labanan ang mga krimen sa rasismo.
- Ang Kagawaran ng Hustisya ay dapat mag-code ng tungkulin sa akses sa wika ng koordinator sa isang pederal na batas upang masiguro na ang lahat ng mga indibidwal ay mayroong pantay na akses sa hustisya at akses sa pederal na mga programa at mga benepisyo anuman ang akses sa wika.
- Ang isang nakasulat na polisiya sa loob ng isang organisasyong nagpapatupad ng batas ay maaaring magsilbing tulay sa pagitan ng lehislasyon sa krimen ng rasismo at implementasyon ng batas na iyon sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga opisyal ng impormasyon at isang pamantayan na inaasahang susundin ng mga ahensya.
- Ang mga tagausig at tagapagpatupad ng batas ay dapat makisali sa pinagsamang pagsasanay sa mga krimen sa rasismo at makipag-ugnayan sa mga komunidad at maaaring isaalang-alang ng mga ahensiya na tagapagpatupad ng batas ang pag-rekomenda na ang opisina ng tagausig ay may itinalagang abogado upang usigin ang mga krimen ng rasisimo sa komunidad.
- Ang mga tagausig at tagapagpatupad ng batas ay dapat puspusang mag-imbesitga at mag-usig ng mga krimen sa rasismo at pang-aapi laban sa mga Asyanong Amerikano.
- Ang mga unang tutugon ay dapat bigyan ng pagsasanay na naglalayong turuan ng malinaw na pag-unawa sa kung ano ang bumubuo sa mga krimen sa rasismo sa kanilang hursidiksyon.
- Iminumungkahi ng FBI sa estado at lokal na mga opisyal na gamitin ang mga resources ng FBI, mga kasangkapan sa publisidad, kadalubhasaan sa porensiko, at karanasan sa pagtukoy at pag-imebstiga sa mga may motibong rasismo kahit na hindi ipagpatuloy ang akusasyon sa krimen.
- Kailangan lumikha ng pampublikong kalusugan at nakabatay sa kasarian na diskarte upang maiwasan ang rasismo sa pampublikong mga lugar, kabilang ang mga pang-haharass sa kalsada ng mga kababaihan ng AAPI at iba pang mga mahihinang komunidad.
- Mas maraming pamumuhunan ang dapat ibigay upang palakasin at palawakin ang mga lokal na network upang ang mga biktima ay magkaroon ng madaling akses sa mga lugar na nakabase sa komunidad kung saan maaari silang mag-ulat ng mga pag-atake, tumanggap ng mga serbisyo ng suporta, at magsanay para sa kaligtasan at mga workshop na nasa sarili nilang wika.

*Akses sa wika:*

- Tungkol sa akses sa wika, ang mga pederal na ahensiya ay dapat magsuri ng kanilang pagsunod sa Titulo VI na Utos ng Ehekutibo 13166 at gumawa ng mga proaktibong hakbang upang tugunan ang anumang potensyal na mga paglabag upang masiguro na nagbibigay sila ng mga serbisyo para sa akses sa wika sa mga indibidwal na nangangailangan ng mga ito.
- Bilang tagatanggap ng pederal na pagtuklas, ang mga lokal na tagapagpatupad ng batas at mga serbisyo sa biktima ay dapat ding sumunod sa Titulo VI na Utos ng Ehekutibo 13166 at magbigay ng akses sa wika tulad ng mga interpreter at mga opisyal na bilingual na nagsasalita ng mga wikang Asyano.
- Kailangang tukuyin ng mga ahensiya ng pederal, estado, at lokal na tagapagpatupad ng batas at mga serbisyo sa biktima ang mga kritikal na kakulangan sa mga programang Limited English Proficient (LEP) para sa mga indibidwal na kailangan ng tulong sa wika.
- Palawakin ang mga hotline sa pag-uulat o personal na pakikipag-ugnayan para sa mga may limitadong kaalaman sa salitang Ingles.
- Gumawa ng isang pahayag sa patakaran sa pag-akses sa wika na nagbabawal sa diskriminasyon base sa bansang pinagmulan na nagbibigay ng pantay na akses sa lahat ng mga indibidwal, kabilang ang mga may limitadong kaalaman sa wikang Ingles at isulong ang epektibong komunikasyon sa pamamagitan ng serbisyo ng mga interpreter, pagsasalin ng dokumento, at pagsasanay sa mga kawani.

*Mga Proteksyon sa Karapatang Sibil:*

- Ang Titulo II ng Batas sa Karapatang Sibil ay dapat palawakin upang isama ang mga maliliit na tindahan at iba pang mga negosyo kung saan nangyayari ang diskriminasyon upang protektahan ang mga empleyado at mga kustomer mula sa bias na diskriminasyon at pang-aapi.
- Ang mga negosyo na madalas puntahan ng publiko ay dapat hilingin na sanayin ang mga empleyado sa kanilang mga responsibilidad bilang mga kustomer, para alam nila at naiintindihan nila ang kanilang responsibilidad na panatilihing ligtas ang lugar mula sa mga bias na pang-aabuso at diskriminasyon, kahit na ito ay ginawa ng ibang mga kustomer.

Ang ulat na ito ay nagbibigay ng mahalagang mga pananaw at gabay para sa mga gumagawa ng polisiya, ahensiya na nagpapatupad ng batas, at organisasyon ng mga komunidad na nagtatrabaho tungo sa isang mas inklusibo at patas na lipunan. Ang Ulat ay nahahati sa tatlong kabanata:

- Tinatalakay sa **Kabanata 1** ng ulat ang mga kaugnay na pederal na batas sa rasismo, nagbibigay ng maikling konteksto sa kasaysayan ng diskriminasyon sa Asyano, at

naglalahad ng pambansang istatistika tungkol sa krimen sa rasismo at mga insidente ng rasismo laban sa mga taong may lahing Asyano mula 2019-2022.

- Inilalarawan ng **Kabanata 2** ang pagsisikap ng lokal na tagapagpatupad ng batas na tumugon sa tumataas na krimen sa rasismo, sinusuri ang mga kasanayan sa pag-uulat at mga paraan ng pag-iwas, at binubuod ang kasalukuyang ulat at mga hamon sa pag-iwas.
- Sinusuri ng **Kabanata 3** ang tungkulin ng pederal na gobyerno sa pagsisiyasat, pag-uulat, at pag-uusig ng mga krimen sa rasismo.

Ikinalulugod namin sa Komisyon na ibihagi ang aming mga pananaw, ayon sa maingat na pananaliksik at pagsisiyasat gayundin ang kadalubhasaan sa karapatang sibil, upang makatulong na matiyak na ang lahat ng mga Amerikano ay nagtatamasa ng proteksyon sa karapatang sibil kung saan kami ay mayroong karapatan.

We at the Commission are pleased to share our views, informed by careful research and investigation as well as civil rights expertise, to help ensure that all Americans enjoy civil rights protections to which we are entitled.

Para sa Komisyon,

Rochelle M. Garza
Tagapangulo